



Para sa Proteksyon Mo: Magkaroon ng Inspeksyon ng Tahanan

Bakit Kailangan Mo ng Inspeksyon ng Tahanan

Malamang na ang pagbili ng tahanan ang pinakamalaking pamumuhunan ng gagawin mo. Layunin ng inspeksyon ng tahanan na magbigay kaalaman at turuan ka tungkol sa ari-arian *bago* ka gumawa ng pinansiyal na pangako. Magbibigay sa iyo ang inspeksyon ng tahanan ng higit na detalyadong impormasyon tungkol sa pangkalahatang kondisyon ng bahay na gusto mong bilhin.

Maging May Kaalamang Mamimili

Magaganap lamang ang inspeksyon ng tahanan kung isasaayos mo ito; hindi nagsasagawa ng mga pagsusuri ang FHA. Nang libre, i sang kwalipikadong inspektor ang magsasagawa ng walang kinikilingang pagtatasa ng iyong potensyal na bagong tahanan upang suriin ang pisikal na kondisyon nito; tantyahin ang natitirang kapaki-pakinabang na buhay ng mga pangunahing sistema, kagamitan, istraktura, at mga pagkakagawa; at tukuyin ang anumang mga bagay na kailangang ayusin o palitan. Kung humiling ka ng inspeksyon nang maaga sa proseso, magagawa mong nakasalalay ang iyong kontrata sa pagbili sa mga resulta nito.

Ano ang Kasama sa Inspeksyon?

Upang mas maunawaan kung ano ang aasahan sa inspeksyon ng tahanan, tanungin sa inaasahang inspektor ang kanilang mga Pamantayan ng Pagsasagawa (SOP) o para sa isang sample na ulat ng inspeksyon ng tahanan.

Paano Maghanap ng Inspektor

Para makahanap ng kwalipikadong inspektor ng tahanan, humingi ng mga sanggunian mula sa mga kaibigan, propesyunal sa ari-ariang bahay at lupa, lokal na awtoridad sa paglilisensya at mga organisasyon na kwalipikado at sumusubok sa mga inspektor ng tahanan.

HINDI mga Inspeksyon ng Tahanan ang mga Pagtatasa!

Kinakailangan ang pagtatasa para matantya ang halaga ng tahanan para sa iyong lender at hindi nito pinapalitan ang inspeksyon ng tahanan. **Hindi ginagarantiya ng FHA ang halaga o kondisyon ng bago mong tahanan.** Kung magkaroon ka ng mga problema sa iyong tahanan pagkatapos magsara, hindi ka mabibigyan o pautangin ng FHA ng pera para sa pagkukumpuni, at hindi mabibili ng FHA ang tahanan mula sa iyo.

Radon Gas Testing at Iba pang mga Isyu sa Kalusugan o Kaligtasan

Inirerekomenda ng Ahensya sa Proteksyon ng Kapaligiran at ng Surgeon General na masuri para sa radon ang lahat ng bahay. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Pambansang Linya sa Impormasyon ng Radon (National Radon Information Line) nang libre sa **1-800-SOS-Radon (1-800-767-7236)**. Tanungin ang iyong inspektor kung may kaugnayan ang mga karagdagang pagsusuri sa kalusugan at kaligtasan para sa iyong tahanan, tulad ng amag; kalidad ng hangin o tubig; pagkakaroon ng asbestos, lead na pinta, o urea formaldehyde insulation; o pagsalanta ng mga peste.